

ANG LEAD AT INUMING TUBIG

Mga Tip para sa Mga Residente



SAAN NAGMUMULA ANG LEAD NA NASA INUMING TUBIG?

Iba-iba ang lead sa inuming tubig depende sa bahay dahil pangunahin itong nagmumula sa corrosion ng mga gripo, iba pang fixture sa tubo, at lead solder sa mga tubo sa bahay. Puwedeng may lead din sa mga service pipeline na naghahatid ng tubig mula sa pipeline ng system ng distribusyon papasok ng bahay.

Sa San Francisco, inalis na noong 1980s ang lahat ng service pipeline sa system ng distribusyon na natukoy na gawa sa lead; simula noon, sa tuwing may matutukoy na lumang service pipeline na gawa sa lead, agad itong pinapalitan. Kamakailan lang, nakumpleto ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ang isang imbentaryo na kasama ang mga linya ng serbisyo na pagmamay-ari ng customer sa ilalim ng na-update na regulasyon sa lead ng Environmental Protection Agency. Walang natukoy na linya ng serbisyo na gawa sa lead na pagmamay-ari ng customer.

ANO ANG MGA PELIGRO?

Kapag nakonsumo, ang lead ay **nakakalason** sa katawan ng tao. Pinakadelikado sa lead ang maliliit na bata dahil mas mabilis na naa-absorb ng kanilang katawan ang lead kumpara sa matatanda, at mas sensitibo sila sa masasamang epekto ng lead sa kalusugan. Ang matataas na antas ng lead ay puwede ring magdulot ng malulubhang problemang pangkalusugan sa mga buntis at sanggol.

PAANO KO MABABAWASAN ANG POTENSIYAL NA EXPOSURE SA LEAD MULA SA INUMING TUBIG?

Kapag ilang oras nang nakatigil ang inyong tubig, puwede ninyong padaluyin ang tubig mula sa inyong gripo hanggang sa lumamig ito, sa loob ng humigit-kumulang 1 minuto, bago gamitin ang tubig para sa pag-inom o pagluluto. Puwede rin kayong gumamit ng mga sertipikadong filter para mas mabawasan pa ang anumang potensyal na exposure sa lead mula sa inuming tubig. Kung may alalahanin kayo tungkol sa mga antas ng lead sa inyong tubig, puwede ninyong ipasuri ang inyong tubig.

Pagbabawas ng Lead sa Inyong System- Pagtukoy at Pagbili ng Mga Lead-Free na Gripo

MAY LEAD BA ANG LAHAT NG GRIPO?

Ang halos lahat ng gripong binili bago ang 2010 ay gawa sa brass o chrome-plated brass na naglalaman ng hanggang 8 porsyentong lead. Ang tubig na nakatigil sa buong magdamag (o sa loob ng ilang oras) sa isang brass na gripo ay kadalasang sumisipsip ng lead mula sa interior ng brass na gripo, na posibleng magdulot ng matataas na antas ng lead sa unang kuha ng inuming tubig.

PAANO KO MASASABING “LEAD FREE” ANG ISANG BAGONG GRIPO?

Puwedeng ipagpalagay na ang mga gripo sa residensyal na kusina, gripo sa banyo, gripo sa bar, drinking fountain, at icemaker na ibinebenta sa U.S. ay lead-free dahil ipinanukala at ipinapatupad ng Uniform Plumbing Code na hindi dapat maglaman ang mga ito nang lampas sa 0.25% lead. Dapat kayong humanap ng mga fixture ng tubo na may marka ng sertipikasyon (gaya ng SA, UL, o NSF) at identifier na NSF/ ANSI 61 Annex G, NSF 61-G, NSF/ANSI 372, NSF-372, salitang “Low Lead,” o iba pang identifier na tinatanggap ng **NSF International**, isang independiyenteng organisasyong nagsesertipika at sumusubok ng mga produkto para matiyak na nakakasunod ang mga ito sa mga itinakdang pamantayan.

PUWEDE KO BANG IPASURI ANG AKING TUBIG?

Kung residente ka ng San Francisco, puwede kang mag-order ng lead test sa halagang \$25.00 kada gripo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa sfpuc.gov sa ilalim ng “Mag-order ng Lead Testing” at magsumite ng Aplikasyon para sa Lead Testing. Maaaring humiling ang mga kalahok sa programang Women, Infants, and Children (WIC) ng isang lead test nang libre sa pamamagitan ng pagsusumite ng Aplikasyon para sa Lead Testing at pagkumpleto ng WIC voucher na inisyu ng tanggapan ng WIC sa San Francisco. Para sa mga tanong, tawagan ang Water Quality Division (WQD) ng SFPUC sa (650) 652-3100, Lunes hanggang Biyernes, mula 8 am hanggang 5 pm.

ANG LEAD AT INUMING TUBIG

Mga Tip para sa Mga Residente

MAY MGA GRIPO BA NA TALAGANG WALANG LEAD?

May ilang manufacturer ng gripo na gumagawa ng mga plastic na gripong wala talagang lead. May ibang manufacturer na gumagamit ng mga copper tube sa loob ng mga brass na gripo o naglalagay ng mga espesyal na coating sa loob ng mga gripo para mabawasan o maiwasan ang pagtagas ng lead.

MAKAKATULONG BA TALAGA ANG PAGKAKAROON NG LEAD-FREE NA GRIPO?

Sa matitinding pagkakataon, sa mga mas lumang gripo nagmumula ang one-third ng lead sa unang kuha ng tubig sa umaga, at ang natitira ay mula sa iba pang bahagi ng tubo gaya ng mga lead solder joint sa mga copper pipe bago ang 1988. Para sa mga residenteng hinahayaang dumaloy ang kanilang tubig sa gripo sa umaga sa loob ng humigit-kumulang isang minuto at gumagamit ng malamig na tubig sa pagluluto, wala silang masyadong aalalahanin tungkol sa lead sa inuming tubig. Kung nag-aalala pa rin ang mga residente, puwede silang humiling ng lead test mula sa SFPUC (sa maliit na halaga na puwedeng ipa-waive sa mga espesyal na sitwasyon). Puwedeng palitan ng mga residente ang lumang gripo sa kusina o banyo ng bagong lead-free na gripo anumang oras.

MAY LEAD PA RIN BA ANG ILANG FIXTURE SA TUBO?

Hindi saklaw ng mga Pederal at Pang-estadong regulasyon sa lead ang mga hose bib, fixture sa bathtub, shower head, at industriyal na gripo. Iwasang uminom o magluto gamit ang mga tubig mula sa mga fixture na ito. Simula noong 2010, lead-free na ang lahat ng gripo sa kusina at banyo na ibinebenta sa California. Kapag papalitan ang mga fixture at fitting ng tubig na ginagamit sa inuming tubig, dapat palitan ang mga ito ng mga lead-free na produkto (naglalaman ng hindi lalampas sa 0.25% lead).

PAANO AKO MAKAKAKUHA NG HIGIT PANG IMPORMASYON TUNGKOL SA LEAD?

Inuming Tubig:

Makakapagbigay ang Water Quality Division ng SFPUC ng impormasyon tungkol sa kalidad ng inyong tubig at puwede silang makontak sa **(650) 652-3100** o sa email sa quality@sfwater.org.

Pangkalahatang Exposure sa Lead:

Puwede ring tumawag ang mga residente ng San Francisco sa Environmental Health Branch ng San Francisco Department of Public Health na nagsisikap na isulong ang kalusugan at kalidad ng buhay sa San Francisco sa pamamagitan ng pagtitiyak ng malusog na pamumuhay at kondisyon sa pagtatrabaho sa City at County ng San Francisco.

Mangyaring tumawag sa **(415) 252-3800** kung nag-aalala kayo na na-expose ang isang maliit na bata sa mga panganib ng lead, gaya ng pinturang may lead.

NAKATUON KAMI SA KALIDAD Tuloy-tuloy na sinusubaybayan ng aming mga ekspertong chemist, technician, at inspektor ang tubig na inihahatid namin—sa kabuuan ng aming sistema, araw-araw sa buong taon. Para sa mga karagdagang impormasyon at babasahin, mangyaring bisitahin ang sfpuc.org/waterquality. Para sa mga tanong tungkol sa INYONG tubig, mangyaring tumawag sa 311. Puwede rin kayong bumisita sa sf311.org. **I-FOLLOW KAMI! @MYSFPUC**

ANG LEAD AT INUMING TUBIG

Mga Tip para sa Mga Residente

MGA RESOURCE PARA SA CONSUMER: REGULASYON/KALUSUGAN

SAFE DRINKING WATER HOTLINE NG USEPA [800-426-4791](tel:800-426-4791)



IMPORMASYON TUNGKOL SA LEAD NG USEPA
epa.gov/your-drinking-water/basic-information-about-lead-drinking-water



LEAD AND COPPER RULE NG USEPA
epa.gov/dwreginfo/lead-and-copper-rule



SWRCB
waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/lead-copper-rule



KAGAWARAN SA KALUSUGAN NG PUBLIKO NG CALIFORNIA
cdph.ca.gov/Programs/CCDPHP/DEODC/CLPPB/Pages/CLPPBhome.aspx



PROGRAMA PARA SA PAG-IWAS SA PAGKALASON SA LEAD NG SF CHILDHOOD
sf.gov/prevent-lead-poisoning-young-children



MGA SENTRO NG PAGKONTROL AT PAG-IWAS SA SAKIT
(CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION, CDC)
cdc.gov/nceh/lead

NSF, MGA WATER TREATMENT NA PRODUKTO NA SUMUSUNOD SA NSF61-G PARA SA LEAD



HUMANAP NG MGA NSF-CERTIFIED NA TREATMENT
UNIT O FILTER NG INUMING TUBIG
nsf.org/Certified/DWTU